ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVIII Blg. 19
Oktubre 7, 2017
www.philippinerevolution.info

## 20 armas, nasamsam ng BHB

UMAABOT SA 11 malalakas na armas, dalawang pistola at samutsaring gamit-militar ang nasamsam ng iba't ibang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong nakaraang dalawang linggo. Samantala, siyam na matataas na kalibreng armas at apat na pistola ang nasamsam sa isang reyd sa Bulacan noong Hulyo.

**North Central Mindanao.** Inilunsad ng BHB-Eastern Misamis Oriental-Northeastern Bukidnon Subregional Command ang tatlong sabay-sabay na aksyong militar noong hatinggabi ng Setyembre 29 sa iba't ibang barangay sa Impasug-ong, Bukidnon. Una rito ang reyd sa CAA Patrol Base ng 8th IB sa KM30, Sityo Nasandigan, Barangay Calabugao kung saan nakasamsam ang BHB ng dalawang M14, dalawang garan, dalawang karbin, at tig-isang *shotgun* at pistolang kalibre .38. Pangalawa ang harasment sa isa pang CAA *patrol base* sa Barangay Hagpa. Pangatlo ang pagdisarma sa upisina ng mga gwardya ng National Greening Program sa Sityo Bagaay, Barangay Calabugao. Nakumpiska rito ang isang karbin.

**Far South Mindanao.** Matagumpay na nadis-armahan ng mga Pulang mandirigma noong Setyembre 23 si Egong Pidad, dating kapitan sa Barangay Maligang, Kiamba, Sarangani Province. Isang garan, pistolang kalibre .38 at isang *shotgun* ang nakuha mula sa kanya. Inatake

*"20 armas...," sundan sa pahina 3*




EDITORYAL

# Napakabulok ng burukrata-kapitalistang paghahari ni Duterte

Bumubula ang bibig ni Rodrigo Duterte sa pagbabanta laban sa mga organisasyon, institusyon, indibidwal at maging mga ahensya at upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na kumikilos kontra sa kanyang tiranikong paghahari. Mistulang naninibasib na hayop si Duterte sa ginagawang pagbabanta at pagpatay, pang-aatake at pambabraso, pagpapalaganap ng disimpormasyon, intimidasyon at pagsasampa ng gawa-gawang kaso para patahimikin ang mga naninindigan at naglalantad sa kanyang kabulukan.

Ang tiranikong paghahari ni Duterte ay tanda ng lalong lumalalang burukrata-kapitalistang pang-aapi ng reaksyunaryong estado laban sa mamamayan. Lantaran ang paggamit ni Duterte ng burukratikong pribilehiyo at kapangyarihang pampulitika para pagsilbihan ang interes ng naghaharing uri at ng partikular na reaksyunaryong pangkatin.

Sa harap ng lumalalim na krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema, sumisikip ang espasyo para paghatian ng mga naghaharing uri ang pakinabang ng pribilehiyong burukratiko. Ang mga hakbangin ni Duterte na monopolyohin ang kapangyarihan ay pagmomonopolyo sa mga pakinabang na ito. Dahil dito, nagaalburuto ang ibang paksyon ng nag-

haharing uri.

Habang umiinit ang girian sa pagitan ng mga paksyon ng naghaharing uri, nahuhubaran ang pagkukunwari ni Duterte na siya ay malinis, kontra-korapsyon at kontra-kriminalidad. Kaliwa't kanan ang kanyang pagtatanggol sa kanyang sarili at kanyang pamilya, na pawang may mga kaso ng korapsyon, pandarambong at pang-aabuso sa kapangyarihan. Nalalantad ngayon ang paggamit niya at kanyang pamilya sa poder para sa kriminal na aktibidad tulad ng ismagling ng bigas at iligal na droga.

Sagad-sagaring burukratang kapitalista si Duterte. Bihasa ang paggamit niya sa lahat ng mekanismo at rekurso ng estado para itago ang kabulukan ng kanyang paghahari at ipitin ang kanyang mga kalaban sa pulitika. Sa pangungunyapit sa poder, kilala ang nepotismo ng mga Duterte at pagsasalin-salin ng kapangyarihan sa mga anak at apo.

Pinakikilos niya ang kanyang pinakamasusugid na tagasuporta sa kongreso para patalsikin ang punong mahistrado ng Korte Suprema sa makitid na batayan ng isang kasong administratibo. Nananawagan si Duterte na isunod ang punong *ombudsman*, bilang ganti sa ginawa nitong pag-iimbestiga at pagsasapubliko ng mga dokumentong nagpapakita ng nakatago niyang yaman. Nagtayo si Duterte ng sarili niyang komisyong "anti-korapsyon" para imbestigahan at ipitin ang ahensya. Pinagbantaan niya ang ibang tauhan ng institusyon na nangunguna sa imbestigasyon.

Sinasampahan ng kaliwa't kanang mga kaso ang mga senador ng Liberal Party na nagsasagawa ng mga imbestigasyon sa kanyang "gera kontra-droga." Inaakusahan niya ang mga ito na nakikipagsabwatan sa rebolusyonaryong kilusan para anya sa planong siya'y patalsikin. Ang gayong pag-uugnay ni Duterte ay bahagi ng nagpapatuloy na pampulitikang pagsikil sa oposisyon.

Ang tinatawag ni Duterte na "sabwatan," sa aktwal, ay ang malawak na hanay ng mamamayan mula sa iba't ibang grupong pulitikal at sosyal, na ngayo'y naninindigan at lumalaban sa pag-abuso sa kapangyarihan at awtoritaryanismo ni Duterte at sa laganap at walang habas na paglabag sa mga karapatang-tao. Kabilang dito ang walang patlang na pamamaslang ng mga pulis, sundalo at paramiltar, malawakang pambobomba sa mga sibilyang komunidad, militarisasyon at bantang pambobomba sa mga katutubong komunidad at eskwelahan, suspensyon ng *writ of habeas corpus* at batas militar sa Mindanao, panggigipit sa mga eskwelahan at iba pa.

Walang pagpaparaya si Duterte sa oposisyon at kritisismo. Balak niyang monopolisahin ang kapangyarihang pampulitika at busalan ang lahat ng bumabatikos sa kanyang mga patakaran at pamamaraan. Nagdeklara ang kanyang mga upisyal na gagamitin ang lahat ng paraan para kasuhan at arestuhin ang lahat ng mga nagpuprotesta. Para salagin ang mga personal na batikos sa kanya, muli siyang nagbantang magpatutupad ng batas militar sa buong bansa.

Kabilang sa pinakahuling pasistang hakbang ng rehimen ang pagtatayo ng Citizen National Guard, isang organisasyong *vigilante* na kinapapalooban ng pinakamasasahol niyang loyalista, kabilang ang ilang retiradong sundalo at pulis. Hayagan itong inendorso ng kanyang kalihim sa hustisya. Lantaran itong nanawagan ng pag-atake sa mga bumabatikos sa rehimen na anito'y mga "kaaway ng estado."

Ang pagbaling ni Duterte sa gayong mga taktika ay nagpapakita lamang ng kanyang desperasyon at pagkakahiwalay sa mamamayan. Laganap na ang paglaban ng mamamayan sa kanyang tatlong gera ng pamamaslang at pangwawasak, pasista at burukrata-kapitalistang paghahari, at pangangayupapa sa interes ng US. Anupaman ang gawin ni Duterte, hindi na niya mapipigilan ang lumalakas na panawagan para patalsikin siya. AB

ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 19 | Oktubre 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcinfo

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Napakabulok ng burukrata-kapitalistang paghahari ni Duterte 1
20 armas, nasamsam ng BHB 1
Korapsyon at kroniyismo ni Duterte 3
Kontrol ng US sa AFP, humihigpit 5
Mga bakwit, pinipigilang makabalik 6
Laban para bawiin ang mga plantasyon 7
Pagbawi sa lupa sa Davao 8
Mga Floirendo, yumaman sa pagsipsip 9
Milyun-milyon, mapapalayas 10
Mga komunidad sa Batangas, binomba 11
Pagsikil sa mga manggagawa 12
Atake sa mga kabataan-estudyante 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Korapsyon at kroniyismo ni Duterte

Hindi kagulat-gulat ang kaso ng korapsyon na nakasampa ngayon sa upisina ng Ombudsman laban kay Rodrigo Duterte at kanyang pamilya. Hindi rin bago ang kanyang pabagu-bagong mga pahayag kaugnay dito. Noon pa man, binansagan na siyang "hari ng kasinungalingan" kaugnay ng yaman ng kanyang pamilya at pinagmulan nito.

**Pamilyang burukrata kapitalista**

Katulad ng ibang burukratang-kapitalista, yumaman sa pwesto ang pamilya ni Duterte. Gubernador ang kanyang ama sa noo'y iisa pa lamang na prubinsya ng Davao. Ang kanyang ina naman ay nanggaling sa isang mayamang angkan sa rehiyon. Sa isa sa kanyang mga talumpati noong Setyembre, ipinagmayabang pa niyang "milyonaryo" na siya noong nasa hayskul pa lamang siya dahil sa minana niyang mga ari-arian mula sa kanyang ina.

Noong nakaraang taon, ibinunyag ng isang dyaryo na lumaki taun-taon ang deklaradong yaman ni Duterte sa kanyang SALN o Statement of Assets, Liabilities and Networth sa panahong meyor siya ng Davao. Ang SALN ay isang dokumentong isinasapubliko kaugnay sa personal na pondo at ari-arian ng mga nasa gubyerno na madalas dinadaya ng mga pulitiko. Mula 1997 hanggang 2015, tumaas nang 2,500% ang yaman ni Duterte mula P897,792 noong 1997 tungong P23.5 milyon noong 2015 (sa taunang paglaki nang 133%). Wala pa rito ang mga lupa, sasakyan at iba pang ari-arian na nakapangalan sa kanyang mga anak na inamin niyang tinanggap bilang mga "regalo." Sa kanyang unang anim na buwan bilang presidente, nadagdagan nang P3 milyon ang deklaradong yaman ni Duterte.

**Kaharian ng Davao**

Itinuturing ng mga Duterte ang Davao City bilang personal na kaharian. Hindi bababa sa pitong myembro ng kanilang pamilya ang nakapwesto sa lokal na gubyerno. Kabilang dito ang dalawang nakatatandang anak na sina Sara at Paolo bilang alkalde at bise-akalde ng syudad.

Noong 2007, nagdeklara ng P38 milyon ang dalawa sa kanilang mga SALN, mga yamang "minana" diumano nila nang maghiwalay ang kanilang mga magulang. Ito ay sa kabila nang P8.7 milyon lamang ang idineklara ni Duterte sa kanyang SALN bago ng taong ito (2006) at P2 milyon lamang sa taong pormal nang naghiwalay sila ng kanyang unang asawa (2000).

Sa halos 10 taong pagkakaupo ng dalawang nakababatang Duterte sa poder, nasangkot sila sa mga karaniwang kaso ng korapsyon ng mga burukrata. Kabilang dito ang sobrang pagpepresyo ng munisipyo at iba pang

---

*"20 armas...," mula sa pahina 1*

rin ng mga Pulang mandirigma ang mga armadong myembro ng Civilian Volunteer Organization sa Barangay Tudok, T'boli, South Cotabato noong Setyembre 27. Kaagad na isinurender ng mga paramilitar ang kanilang mga baril kabilang ang isang M16 armalayt, isang ripleng garan at isang karbin. Nakasamsam din ang mga Pulang mandirigma ng isang radyong *2-way*, dalawang klip ng garan, dalawang magasin ng karbin at mga bala nito.

**Bicol.** Inilunsad ng isang iskwad ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command) ang operasyong haras sa detatsment ng 3rd Manuever Company ng 5th PPSB at pagsunog sa mga walang plakang motorsiklo sa loob ng kampo sa Barangay San Ignacio, Gubat, Sorsogon noong Setyembre 18. Ang aksyon ng BHB ay bahagi ng pagsingil sa mga yunit ng militar at pulis sa aktibong paglahok ng mga ito sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa lalawigan.

**Negros.** Pinarusahan din ng BHB-South West Negros (Armando Sumayang Command) si Joevanie Banista noong Setyembre 9, sa Barangay Lukotan, Kabangkalan City. Nakuha sa kanya ang isang kalibre .45 pistola na may tatlong magasin. Isa si Banista sa mga tauhan ng RPA-ABB na nagpagamit sa militar sa kanilang programang kontra-insurhensya sa Southwest Negros mula pa dekada 1990. Nagsilbi rin siyang ahenteng paniktik ng AFP. Maraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang nakasampa laban sa kanya sa hukumang bayan.

SAMANTALA, SA CENTRAL Luzon, matagumpay na sinalakay ng isang platun ng BHB-Bulacan ang upisina at detatsment ng mga armadong tauhan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)-Ayala Land sa Barangay San Isidro, San Jose Del Monte City, Bulacan, noong gabi ng Hulyo 23. Nasamsam dito ang 13 armas kabilang ang siyam na mataas na kalibreng baril at apat na pistola, mga bala at iba pang kagamitang militar tulad ng radyong *2-way*, sapatos at mga pak. Bago nito, nireyd ng isang platun ng BHB ang mga armadong maton ni Atty. Artemio Caña, isang mangangamkam ng lupa, sa Barangay San Mateo, Norzagaray, Bulacan.

Ayon kay Ka Jose del Pilar ng BHB-Bulacan, ang reyd na ito ay tugon sa sigaw para sa hustisya sa mga katutubong Dumagat, magsasaka at mamamayan na pinagsasamantalahan ng sabwatang BSP-Ayala Land. Nagsimulang mangamkam ng lupa ang sabwatang BSP-Ayala Land sa ilalim ng nakaraang rehimeng Aquino. Bumilis, mas naging marahas at malawakan ang pangangamkam ng mga ito sa ilalim ng kasalukuyang rehimen. AB

imprastruktura, pagbibigay ng mga pampublikong kontrata sa sariling mga kumpanya at pagtanggap ng suhol. Kasalukuyang isinasangkot si Paolo at ang asawa ni Sara na si Manases Carpio sa ismagling ng bigas at iligal ng droga.

**Suporta ng malalaking burgesya-kumprador at burukrata**

Suportado ng kapwa mga burukrata at negosyanteng pinakanakinabang sa mga pampublikong kontrata sa Davao City ang paghahari ni Duterte sa Davao, at ngayon bilang presidente. Isa sa pinakamalaki niyang kontribyutor ang pamilyang Marcos, na inamin niya sa publiko pero hindi idineklara sa ulat ng gastusin sa eleksyon na isinumite niya sa Comelec. Sa kanyang ulat, pinakamalaki niyang kontribyutor ang pamilyang Floirendo, dating kroni ng mga Marcos, na biniyayaan ng mga kontratang mag-opereyt ng komersyal na plantasyon sa mga lupang pampubliko. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 9.)*




Sa mga nagpondo ng kanyang kandidatura, 18 ay mga indibidwal na nagpapatakbo ng mga kumpanyang kasosyo ng lokal na gubyerno o di kaya'y humahawak ng mga pampublikong yutilidad, malakihang pagmimina at plantasyon na kinakailangan ng pahintulot ng lokal na pamahalaan.

Marami sa mga ito ay mga kroni ni Duterte at pinaniniwalaang mga *dummy* o tau-tauhan lamang niya. Nagsasalimbayan ang kanilang mga pangalan bilang mga upisyal ng iba't ibang kumpanya.

**Ilan sa mga kroni ni Duterte**

Lubos na nakikinabang ngayon ang mga kroni ni Duterte. Kabilang rito si Dennis Uy, malaking negosyanteng nagmamay-ari ng Phoenix Petroleum. "Konsultant" ng kumpanyang ito ang dating hepe ng AFP at kasalukuyang National Security Adviser na si Hermogenes Esperon. Noong 2010, kinasuhan ang kumpanyang ito ng ismagling ng mga produktong petrolyo sa Davao. Inabandona ng lokal na Bureau of Customs ang reklamo matapos makialam si Duterte sa kaso.

Isa pa sa mga kroni ni Duterte si Samuel Uy, pinuno ng mga negosyanteng Chinese sa syudad, na kasosyo mismo ni Duterte sa isang negosyo sa General Santos City. Parehong aktibo ang dalawang Uy sa "pagkakawanggawa" sa hanay ng mga militar na nasa Marawi. Nagtatag ng P100 milyong "trust fund" si Dennis Uy para sa mga pamilya ng napatay na mga sundalo, habang mayor na kontribyutor sa pagtatayo ng mga "temporaryong tirahan" si Samuel Uy.

Sa loob ng anim na buwan ng pagkakaupo sa poder, kaagad na binigyan ni Duterte ng mga pwesto, matatabang kontrata sa gubyerno at pambihirang mga pagkakataon sa negosyo ang marami sa kanyang mga tagapondo. Isa rito ang kumpanyang Udenna ni Dennis Uy na bumili ng milyon-halagang mga kumpanya at ari-arian para agresibong palawakin ang kanyang mga negosyo, pangunahin ang Phoenix Petroleum, gamit ang impluwensya at pautang ni Duterte.

Noong nakaraang taon, bumaba ng halos kalahati ang binayarang buwis ng Phoenix Petroleum ni Uy dulot ng pakete ng mga eksempsyon at iba pang insentiba ng rehimen.

Kabilang sa mga nakuha ni Uy ay ang mayorya ng pagmamay-ari ng 2GO na dating pagmamay-ari ng pamilyang Ayala at Ederun Colleges ng pamilyang Soriano. Katuwang ang pamilyang Sy, layunin ni Uy na konsolidahin ang pag-aari niya sa 2GO sa ilalim ng Chelsea Logistics Holdings Corporation, ang kumpanya sa transportasyong pandagat ng Udenna. Biniyayaan din ni Duterte si Uy ng lisensyang magtayo at mag-opereyt ng *resort* at *casino* sa Cebu na nagkakahalaga ng $300 milyon. Popondohan ang mga pribadong proyektong ito ng mga utang mula sa China na naipinal mula sa kanyang mga upisyal na pagbisita sa bansa.

Sa Davao, kasosyo ni Uy ang iba pang mga kroni ng rehimen sa pagkopo ng mga proyektong imprastruktura, kabilang ang paglalatag ng sistema ng mga kalsada na tatawid sa kabuuan ng isla. Gayundin, nakaupo siya at ibang myembro ng kanyang *board of directors* sa mga kumpanya ng kapareho niyang kroni na may malalawak na interes sa pagmimina at komersyal na plantasyon. Kabilang sa inuupuan ni Uy ang *board of directors* ng Apex Mining na pagmamay-ari ni Walter Brown. Pagmamay-ari din ni Brown ang A. Brown, ang kumpanyang nang-aagaw ngayon ng lupa sa Central Bukidnon para maglatag ng mga plantasyon para sa *oil palm*.

Ang mga Uy ay ilan lamang sa mga kroni ni Duterte sa Davao na kinabibilangan ng malalaking opereytor ng minahan at trosohan na dati na ring mga kroni ng diktador na si Marcos. Kasama rito ang mga Alcantara at Navarete na pawang nagpondo sa kanyang kampanya at ngayon ay nakikinabang sa pwesto. Dinagdagan sila ng mas malalaki pang kroni ng dating diktador, katulad ni Ramon Ang, ang tagapagmana ni Eduardo "Danding" Cojuangco. AB

# Kontrol ng US sa AFP, humihigpit sa ilalim ni Duterte

Wala pang isang taon mula nang magdeklara si Rodrigo Duterte na "hihiwalay na sa US," ganap siyang bumaligtad at pinuri ang US bilang umano'y "mahalagang alyado sa seguridad". Kabalintunaan na ipinahayag niya ito sa okasyon ng paggunita ng bansa sa kabayanihan ng mga Pilipino sa Pag-aalsang Balangiga laban sa mga mananakop na Amerikano. Aniya, "natubos" na umano ng US ang sarili sa mga krimen nito sa mamamayan mula pa noong Digmaang Pilipino-Amerikano hanggang sa kasalukuyan.

Binubuod ng mga pahayag na ito ni Duterte ang ganap niyang pagpapakatuta sa imperyalismong US. Partikular sa larangang militar, nanatiling haligi ng paghahari ng US sa bansa ang Armed Forces of the Philippines at mga pwersang panseguridad ng estado. Inamin mismo ni Duterte na isang ahente ng US Central Intelligence Agency si Delfin Lorenzana, kalihim ng Department of National Defense. Nangunguna si Lorenzana sa pagpapatupad ng disenyo ng US para sa gubyerno ni Duterte. Tuluy-tuloy na nakasandig ang AFP sa ayudang militar mula sa US—sa porma ng pinansya, mga armas at kagamitan, mga pagsasanay at indoktrinasyon.



**Pinaigting na presensyang militar**

Nitong Oktubre 2, sinimulan ang pinagsanib na ehersisyong militar na "Kamandag" sa pagitan ng 900 US Marines at Philippine Marines sa may pitong lugar sa Luzon. Kabilang ito sa 257 magkasanib na ehersisyong militar na nakatakdang ilunsad ngayong 2017. Maliban sa mga tampok na pagsasanay sa paglusob mula sa karagatan, sinanay din ng US ang AFP sa paggamit ng kompyuter at internet para sa elektronikong paniniktik at pag-atake.

Sa gitna ng pagkubkob ng AFP at US sa Marawi, nagsagawa ng pagsasanay sa *urban warfare* (labanan sa lunsod) ang US Marines para sa Philippine Marines. Kalangkap ng mga ehersisyong militar na ito ang pang-saywar na mga aktibidad tulad ng pagkukumpuni ng mga paaralan at mga *medical mission*.

Kalahok din ang AFP sa mga multinasyunal na pagsasanay militar na pinangungunahan ng US. Sa nagdaang ehersisyong Balikatan nitong Mayo, kasama sa mga dayuhang tropang nagsanay ang mula sa mahihigpit na alyado ng US na Australia at Japan. Mayroon pang hiwalay na pakikipagkasundo si Lorenzana sa Australia na magkaroon ng pagsasanay hinggil umano sa paglaban sa ISIS, maliban pa sa mga *drone* ng Australian Defense Force na ginagamit din sa Marawi.

Lantarang ginagamit ng US ang "black scare" o pananakot kaugnay ng ISIS sa nagdaang huling mga pagsasanay. Ang mga ehersisyong Sama-sama at Tempest Wind ay pawang lumilikha ng senaryo na may kalabang ISIS. Nagsagawa ng pagsasanay ng pagligtas sa umano'y mga biktima sa pag-"hijack" ng ISIS ng eroplano gayong inamin mismo ng US at DND na walang ganoong senaryo sa ngayon o sa kagyat na hinaharap sa Pilipinas.

Sinakyan na rin ng US at Australia ang usapin ng droga at ang diumano'y banta ng kumbinasyong "terorismo-iligal na droga." Bukambibig ni Duterte ang linyang ito nang iprisenta niya ang "matrix" ng mga *druglord* na diumano'y nagpondo sa grupong Maute. Hindi malayong gamitin ng US sa Pilipinas ang usapin ng droga para sa panghihimasok militar tulad ng ginawa nitong pagbubuo ng mga kontra-rebolusyonaryong grupong paramilitar sa Colombia.

Hindi rin malayong ituon ng US at ni Duterte sa mga rebolusyonaryong pwersa ang mga ekstrahudisyal na pagpaslang sa mga suspetsado sa droga. Tumampok ang paggamit sa kumbinasyong "terorismo-iligal na droga" sa ehersisyong Southeast Asia Cooperation and Training na pinamunuan ng US Coast Guard at nilahukan ng mga pwersang *coast guard* at militar ng Pilipinas, Australia at iba pang bansa.

Noong Setyembre 7 at 26, kabilang din ang Pilipinas sa tinipon ng US Pacific Command (PACOM) na mga upisyal ng militar mula sa mga bansa sa Indo-Asia-Pacific. Bahagi ang dalawang magkasunod na mga pagpupulong sa pagkonso-

lida ng US ng kapangyarihan sa rehiyon. Nito namang Setyembre 27-28, idinaos ang pulong ng Mutual Defense Board–Security Engagement Board sa hedkwarters ng US PACOM sa Hawaii kung saan pinagkasunduan ang 261 ehersisyong militar sa 2018, kabilang ang paglulunsad ng mga pagsasanay sa pagdepensa sa teritoryo, na dati nang tinanggihan ni Duterte.

Hindi naman bababa sa pitong barko at submarinong pandigma ng US ang malayang nakapagdaong sa Pilipinas ngayong taon, samantalang mula pa Pebrero ay nagpapatrulya ang iba pang barkong pandigma nito sa South China Sea.

Maging sa Marawi, pinahintulutan ng rehimen ang interbensyon at pagdirihe ng US sa pagkubkob sa syudad sa pamamagitan ng kontrol nito sa mga *drone* na nag-eespiya at naghuhulog ng mga bomba, gayundin sa pagsuplay ng mga armas at masinsing paggamit ng sinanay nitong mga espesyal na yunit militar.

Inamin din ni Lorenzana na may mahigit 100 sundalong US sa iba pang bahagi ng Mindanao na nagsasagawa ng paniktik sa pamamagitan ng mga eroplano at *drone*. Noong huling linggo ng Agosto, nakipagpulong si Duterte kay US PACOM Chief Adm. Harry Harris Jr. upang pagkasunduan ang ibayong pakikisangkot ng US sa labanan sa Marawi. Matapos nito, dinagdagan ng US nitong Setyembre ng mas maunlad na sistema ng *drone* ang dati nang mga nakapakat sa Marawi.

Maliban sa mga ito, patuloy na dumadaloy sa mga ayuda ang kontrol ng US sa militar ng bansa. Noong 2016, tumanggap ang gubyernong Duterte ng mahigit $60 milyon na ayudang militar mula rito. Kabilang dito ang $9 milyon para sa diumano'y pagsugpo sa iligal na droga. Nagpadala rin ang gubyernong Duterte ng 194 upisyal kapwa mula sa militar at mga ahensyang sibilyan upang pag-aralin at sanayin sa US sa ilalim ng International Military Education and Training (IMET). Umabot ng $3.4 milyon ang halaga ng IMET sa nasabing taon.

Para naman sa taong ito, aabot sa $54 milyon ang hininging ayudang militar ng Pilipinas sa US. Kabilang dito ang $2 milyon para sa IMET, $9 milyon para sa pagsugpo ng iligal na droga, at $3.5 milyon para sa "kontra-terorismo" at mga kaugnay na programa. Ang natitirang $40 milyon ay pautang para sa pagbili ng mga armas mula US. Bahagi ang mga halagang ito ng kabuuang $188 milyon ayudang inilaan ng US para sa bansa.

Dagdag sa anti-mamamayang mga gera at patakarang pang-ekonomya, lalupang nahihiwalay ang rehimeng Duterte dahil sa ganap nitong pagiging sunud-sunuran sa US. Tiyak na sasalubungin ng matinding protesta ng mamamayan ang pagbisita sa Nobyembre ng pangunahing kinatawan ng imperyalismong US na si US President Donald Trump. AB

## Pagbabalik ng mga bakwit sa Marawi, pinipigilan ng AFP

SAMUTSARING PAGDADAHILAN ang ginagawa ngayon ng rehimeng Duterte para pigilan ang mga bakwit ng Marawi na bumalik na sa kani-kanilang mga komunidad. Inilalagay sila sa mga lugar ng relokasyon na kunwa'y "temporaryo" lamang habang kinokonsolida ng AFP ang kontrol sa Marawi. Patuloy silang isinaisantabi ng rehimen sa pagpaplano para sa rekonstruksyon at rehabilitasyon ng syudad.

Gamit ang isang lumang dikreto, nasa kamay ngayon ng AFP ang pagtutukoy at pamimigay ng mga pwesto sa mga residente ng Marawi. Habang wala ito, inilagak muna sila sa mumurahin at nakaiinsultong mga "temporaryong tirahan." Isa rito ang pinasinayaan ni Duterte noong Oktubre 4 na 50 mahihinang bahay-kubo na gawa sa sawali at nipa at may lawak na otso-metros kwadrado. Malala pa, inuna ni Duterte ang pamimigay sa mga "bahay" na ito sa mga pamilya ng mga sundalong nakipaglaban sa Marawi at hindi sa mga bakwit.

Samantala, isang grupong Maranao ang nagpahayag ng kanilang planong magsampa ng kaso sa International Court of Justice para papanagutin ang rehimeng Duterte sa pangwawasak at pang-aabuso ng AFP sa Marawi. Inianunsyo kamakailan ng Bangsa Mranao Congress, isang bagong tatag na grupo sa Lanao del Sur, ang planong ito matapos ang dalawang-araw na pagpupulong. Dinaluhan ito ng malalaking angkan mula sa Marawi at kalapit nitong munisipalidad ng Guimba Duma Sani, Toros, Bacolod at Cabugatan.

Sinisingil nila ang rehimen nang P120-bilyon bayad-danyos para sa lahat ng pinsala at pang-aabuso.

Bago nito, lumitaw sa pamamagitan ng isang pahayag na nakabidyo ang isang bagong tayong armadong grupo, ang Meranaw Victims Movement, na nanindigan para sa kanilang karapatang magarmas para depensahan ang kanilang identidad at syudad laban sa pang-aatake ng rehimen at AFP. Iginiit nila ang kagyat na pagtigil ng mga pambobomba, pag-atras ng AFP sa Marawi at pagbabalik ng mga bakwit sa dati nilang mga komunidad. Kasabay nito, binatikos din nila ang grupong Maute sa pagbalewala nito sa kapakanan ng mga sibilyan, at ang Moro Islamic Liberation Front sa kawalang-tindig nito sa pagtuloy na pangwawasak ng rehimeng Duterte sa syudad. AB

Kontra-ARC at CARP

# Laban para bawiin ang mga plantasyon

Lumalaganap ngayon ang bagong larangan ng pakikibakang magsasaka sa Mindanao—ang paggigiit ng mga magsasaka ng pag-aari at kontrol sa mga lupang plantasyon.

Noong dekada 1980, sinaklaw ng CARP ang lupain ng mga plantasyon. Inatasan nito ang mga ahensya ng estado na ilipat ang mga titulo ng pag-aari sa lupa ng ilang malalaking plantasyon sa pangalan ng mga manggagawa sa plantasyon at tinawag silang mga benepisyaryo ng repormang agraryo (*agrarian reform beneficiaries* o ARB).

Subalit matapos ang tatlong dekada ng pagpapatupad ng CARP, nananatiling buo at nakapailalim sa kontrol ng malalaking panginoong maylupa at mga korporasyon sa agribisnes ang mga lupang may titulo. Sinamantala nila ang mahihinang probisyon, napakaraming eksempsyon at mapanlinlang na mga istruktura at proseso ng CARP para mapanatili sa kanilang kontrol ang lupa at mga benepisyaryo. Walang naging saysay ang titulo sa lupa na hawak ng mga ARB. Kinailangan nilang igiit ang karapatan na ariin at gamitin ang kanilang lupa alinsunod sa kanilang kapasyahan.

Isang matingkad na halimbawa ang 28,816 ektaryang plantasyon ng saging na kontrolado ng Tagum Agricultural Development Company (Tadeco) ng pamilyang Floirendo. Sa plantasyong ito, wala ni isa sa mahigit 1,890 ARB ang nakikinabang sa "sariling" lupa. Nananatili silang mga manggagawa sa plantasyon, tumatanggap ng mababang sweldo, o malala pa, tinatanggal sa trabaho kung nagrereklamo. Mayroong 100,886 ARB ang buong Southern Mindanao Region.

Mismong ang CARP ang ginamit ng mga panginoong maylupa para panatilihin ang ganitong kaayusan. Sa ilalim ng huwad na programa, itinayo ng gubyerno ang mga Agrarian Reform Community (ARC) upang maging organisado diumano ang pamimigay ng lupa, paniningil ng amortisasyon, at paghahatid ng suportang serbisyo mula sa gubyerno. Binuo ang mga benepisyaryo bilang mga "kooperatiba" upang dito makitungo ang gubyerno at ang kapitalista.

Sa pamamagitan ng sistemang ARC, tipak-tipak na nakontrol ng DAR at ng mga kapitalista sa agribisnes ang mga komunidad kaya't naging mas madali ang pangangamkam ng lupa. Sa malalawak na plantasyon, ang mga kapitalista pa rin ang kumukontrol sa iba't ibang antas ng proseso, sahod, pamilihan, presyo ng produkto at mga *farm input* (tulad ng mga binhi, pestisidyo at iba pa). Ilan sa mga paraang ginamit ng mga asendero at kapitalista sa agribisnes ang:

**Agribusiness Venture Agreement (AVA)** o kontrata sa pagitan ng kooperatiba ng mga ARB at ng kumpanya sa agribisnes. Ang kumpanya ang nagtatakda ng mahal na presyo ng mga *farm input* at murang produkto ng mga magsasaka. Ang kita ng mga ARB ay halos sapat lamang para ibayad sa utang sa farm input. Marami ang kaso na naembargo na ang lupa dahil sa utang o kaya'y ibinenta na ang kanilang karapatan sa lupa dahil sa hirap ng buhay.

**Sistemang grower** (pagpapatanim) o kontrata sa pagitan ng indibidwal o organisasyon ng mga *grower* at ng kumpanya. Sagot ng huli ang lahat ng gastos pero obligadong ibenta sa kumpanya ang produkto sa presyong dikta nito. Sagot ng grower ang pagsweldo sa mga manggagawa at anumang pagkakalugi na maidulot ng mahinang ani.

Mayroon ding kaayusan kung saan sagot ng grower ang lahat ng gastos at ibinebenta lang sa kapitalista ang produkto. Bilang tagabili, *quality control* lang (itinatakdang kalidad) ang tinitiyak ng kapitalista.

**Sistemang Koop**. Ang mga *farm inputs* ay ipinauutang ng kumpanya sa kooperatiba ng maliliit na may-ari ng lupa. Ang kooperatiba ay pumapapel bilang ahensya ng empleyo para makaiwas ang kumpanya sa anumang obligasyon sa mga manggagawang bukid at empleyado. Dito rin pinadadaloy ang mga pinalalaganap na mga kagamitan at teknolohiya (karaniwang nakasalig sa mga inaangkat na kemikal na input) sa produksyon. Mahigpit na bawal ang unyon dahil ito ay rehistrado bilang kooperatiba.

**Sistemang *Leaseback*.** Ipinaaarkila ulit ng mga benepisyaryo ang lupa sa kumpanya, at nagiging manggagawa sila sa sarili nilang lupa. Maraming kasunduan ang nagtatagal nang 30 taon. Kinakaltasan ang bayad sa arkila ng lupa para diumano sa pagretiro ng manggagawa, at sa pagsisimula ng *leaseback* ay hindi na ibinibilang ang naunang panahon ng serbisyo ng manggagawa bago sila naipasok sa CARP. Ilang halimbawa nito ang Marsman, Lapanday, at ilang bahagi ng Tadeco.

**Korporadong pagsasaka.** Binabago ang klasipikasyon ng lupa tungong komersyal upang iligtas ito sa pamamahagi sa mga magsasaka. Dahil dito, marami sa dating nang nagsasaka ang nawalan ng lupa.

**Leasehold.** Nag-aarkila ang kumpanya ng mga lupang pribado o publiko para gawing plantasyon, madalas sa napakababang presyo tulad ng P6,500 bawat ektarya bawat taon. Maraming lupang publiko sa Mindanao ang nasa leasehold, tulad ng kontrata ng Tadeco sa malaking bahagi ng Davao Penal Colony, o mga priba-




## Pagbawi sa lupa, iginigiit ng mga magsasaka sa Davao

MAHIGIT ISANLIBONG magsasaka mula sa iba't ibang bayan sa Davao del Norte ang nagkakampuhan sa kasalukuyan sa harap ng panlalawigang upisina ng DAR sa Barangay Mankilam sa Tagum City. Iginigiit nila ang pagbawi sa lupang ginagamit na mga plantasyon ng saging kahit sa burges na batas ay dapat na naipamahagi na sa kanila.

Mula Setyembre 27, nagtipon ang mga magsasaka sa ilalim ng Agrarian Reform Benificiaries One Movement (AOM) upang igiit sa Department of Agrarian Reform (DAR) na ilabas nito ang Installation Order upang makapusisyon na sila sa kanilang lupa. Ang AOM ay pederasyon ng mga organisasyon ng mga benepisyaryo ng CARP na kinamkam ang lupa.

Ayon kay Billy Cabintoy, pangkalahatang kalihim ng AOM, walong organisasyon ng mga benepisyaryo ang nagsisikap bawiin ang di bababa sa 1,476.44 ektaryang lupa sa mga syudad ng Panabo at Tagum, at sa bayan ng Kapalong.

Apat na organisasyon ng Agrarian Reform Beneficiaries (ARB) sa

"Pagbawi sa lupa...," sundan sa pahina 9

dong lupang inaarkilahan ng Marsman.

Kahit pa naigiit ng mga magsasaka ang ligal na katwiran para sa kanilang makatarungang paninindigan sa pag-aari ng lupa (pagpasya kung paano gagamitin at ano ang itatanim), hindi magkukusa ang reaksyunaryong gubyerno na ipatupad ito. Taliwas dito, sadyang natutulung-tulong ang iba't ibang ahensya ng gubyerno at militar para hindi nila makamit ang kanilang karapatan sa lupa. Noon lamang naging kalihim ng DAR ang lider-magsasakang si Ka Paeng Mariano na sumuporta ang ahensya sa panawagan ng mga magsasaka sa tampok na kaso ng Lapanday.

Batid ng mga magsasaka na kailangan pa nilang itulak ang karapatan nila sa lupa sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos tulad ng nangyari sa Lapanday Foods kung saan nabawi ng 159 ARB sa ilalim ng MARBAI ang 146 ektarya matapos ang ilang buwang mga pagkilos. Sa Arakan Valley, naitulak ng 3,100 pamilyang organisado sa MAFAI na kilalanin ang kanilang mahigit pitong dekada nang pagbubungkal sa 4,387 ektaryang kinamkam para maging bahagi ng *school reservation*.

Ang mga paglaban na ito ay nagsilbing huwaran at inspirasyon ng mga magsasaka para palakasin ang kanilang mga organisasyong nagdadala ng determinasyon sa pagkamit ng hustisyang panlipunan. Kaya't binuo noong Abril ang ARB One Movement (AOM) bilang pederasyon ng mga ARB upang mas malakas na maigiit ang kanilang karapatan sa lupa laban sa iba't ibang pakana ng CARP, matapos ang pukpukang labanan sa MARBAI.

Komprehensibong hinaharap ng AOM ang usapin ng mga ARC sa pamamagitan ng pagpapatatag at pagpapalawak ng pederasyon AOM sa buong Southern Mindanao para maipatupad ang tunay na reporma sa lupa. Naglulunsad ng mga pagsasanay sa paraligal, sustenableng agrikultura, pagpapatakbo ng organisasyon pati na sa pagtatalumpati, at iba pang kasanayan.

Sa mga ARB na naipagwagi na ang kontrol sa sariling lupa, kagyat na usapin kung papaanong isasagawa ang produksyon na nagsasaalang-alang sa pagkalason ng lupa na deka-dekadang sinira ng mga kemikal, gayundin ang kasanayan at kaalaman ng mga magsasaka, pati na ang pamilihan sa mga produkto.

Sa kalagayang ito, obligado ang mga magsasaka na ituloy sa isang antas ang produksyon ng saging. Pinag-uusapan ng kanilang organisasyon ang pag-iwas sa utang o kaya'y pag-utang sa mababang interes upang unti-unting mawakasan ang isa sa pinakaepektibong mga paraang ginagamit ng asendero at kapitalista sa pangangamkam ng lupa. Tiyak na magiging sentro ng tunggalian ang usapin ng pagbili sa kanilang produktong saging.

Kasabay ng pangkagyat na mga usapin, tinatanaw ng mga magsasaka ang pagmatagalang hamon kung paanong hindi na muling mapasakamay ng mga asendero ang lupa. Susi dito ang pinagsisikapang paglipat mula sa produksyong *monocrop* tungo sa komprehensibo, integrado, planado at kolektibong pagsasaka, laluna sa mga magsasakang halos sa gawaing plantasyon na tinubuan ng bait. Kailangan ito upang mapaliit ang masamang epekto ng mga sakuna at sakit ng pananim, mapangibabawan ang monopolyo ng agribisnes sa pamilihan, matiyak ang seguridad sa pagkain, at mapanumbalik ang kalusugan ng lupa. AB

"Pagbawi sa lupa...," mula sa pahina 8

mga lugar na sinasakop ng Tadeco ang bumabawi ng 800 ektarya—ang WADECOR Employees Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc., Checkered Agrarian Reform Beneficiaries and Employees Multi-purpose Cooperative, PAHECO Employees Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc., at Linda District Employees Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc.

Binabawi naman ng Alberto Marfori Soriano Agrarian Reform Beneficiaries Organization ang 91 ektarya sa Kapalong, may ilang ARB na bumabawi ng 152 ektarya mula sa pag-aari ng Baret, samantalang ang Gagmay'ng Maguuma Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. at Hijo Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative ay bumabawi ng 116.9 ektarya na sinasakop ngayon ng Lapanday Foods Corporation sa Barangay Madaum, Tagum City.

Sa Oktubre 11-15, maglalakbayan patungong Metro Manila ang mga nagkakampuhan upang sa pambansang upisina na ng DAR nila itulak ang kahingian. Sasabayan sila ng mahigit 200 magsasaka mula sa Buffalo, Tamaraw, Limus (BTL) na humihingi ng *writ of transfer* upang maging kanila ang lupang sinasaka na sinakop ng Central Mindanao University.




# Asenderong Floirendo, yumaman sa pagsipsip

PAGSIPSIP SA DUGO at pawis ng mga manggagawa't magsasaka ang nagpalago sa Tagum Agricultural Development Company (Tadeco), ang pinakapangunahing kumpanya ng Anflo Management and Investment Corp. (Anflocor) ng pamilyang Floirendo. Pagiging sipsip o paglangis naman sa mga nasa kapangyarihan sa gubyerno ang nagtiyak na lumalaki ang kayamanang ito.

Ang Tadeco ang pinakamalawak na magkakarugtong na plantasyon ng saging sa buong mundo ngayon. Nagluluwas ito ng saging na Cavendish sa Japan, Hong Kong, China, Korea, Middle East, Russia, Malaysia at Singapore sa tatak ng Del Monte at Dole. Ang karaniwang produksyon nito ay 5,000 kahon kada ektarya taun-taon.




Ang mga kumpanyang nasa ilalim nito sa Davao Oriental, Davao Occidental at Compostella Valley Provinces ay sumusuporta sa 6,639.85 ektaryang plantasyon kung saan 5,343 ektarya ay lupang publiko na nakatakda para sa Davao Penal Colony (Dapecol). Mayroon ding pinatatakbong Tadeco Livelihood and Training Center na lumilikha ng mga produktong yaring-kamay mula sa ibang bahagi ng punong saging. Kasama ang iba pang mga pribadong lupaing kinontrata, umaabot sa 30,522 ektaryang lupa ang nasa kontrol ng mga Floirendo.

**Paggamit sa mga bulok na pulitiko upang yumaman**

Ipinatala ni Antonio Floirendo, Sr. ang lupa sa kanyang mga anak nang tig-1,024 ektarya, ang dating itinakdang hangganan ng pag-aari ng mga dayuhang korporasyon. Ilan sa iba't ibang distrito sa sakop ng plantasyon ngayon ay nakapangalan sa kanyang mga anak, maliban pa sa 1,024 ektarya sa ngalan ng Panabo Hemp Company at iba pang mas maliliit na plantasyong sa katunayan ay nasa ilalim rin ng pamilya.

Ang sakim na pagpapayaman ni Floirendo sa tulong ng estado ay nagmula pa noong 1956, nang makuha nito ang kontrobersyal na kontrata para magproseso ng abakang nakatanim sa Davao Penal Colony (Dapecol) sa pamamahala ng Abaca Corporation of the Philippines, isang pampublikong korporasyon. Nagpatuloy ang pakikipagmabutihan nito sa mga pulitiko na nagresulta ng kontrata ng Tadeco sa Bureau of Corrections (BuCor) noong 1969 para gawing plantasyon ng saging ang nasabing lupa, at pagtrabahuin dito bilang manggagawa ang mga bilanggong malapit nang mapalaya.

Kapalit ng matabang kontrata, nagsilbing tau-tauhan ng diktador na si Marcos si Floirendo. Nang mapatalsik si Marcos, isinurender ni Floirendo sa humaliling rehimen ni Corazon Aquino ang ilang mga ari-arian ni Marcos na hindi na maitatwang ipinangalan sa kanya. Nagbigay din siya ng mahigit P70 milyong pera sa Presidential Commission on Good Government sa tinawag na "compromise agreement," at naiayos ang relasyon sa bagong rehimen.

Noong 1986 pa lamang, sa

ilalim ng kanilang kumpanyang World Agricultural Development Corporation, pinalitan ang tanim mula sa mais at sorghum tungo sa saging upang maiwasang mapailalim sa CARP ang mga parsela nito. Nang ipailalim ito sa CARP noong 1988, kinasapakat ni Floirendo ang DAR para bigyan siya ng 10-taong palugit bago ipamahagi ang lupa para mabawi umano ang gastos sa pagpapaunlad ng plantasyon. Kasabay nito, pumasok sa pulitika ang mga myembro ng kanilang pamilya hanggang nakontrol nila ang lokal na gubyerno ng Davao del Norte. Mula nang magkaroon ng mga eleksyon noong dekada 1980, wala nang naging kongresista sa 2nd district ng Davao del Norte o gubernador labas sa angkang del Rosario-Floirendo. Si Antonio Floirendo Jr, na nagmamay-ari ng P7.5 milyong halaga, o pinakamalaking bahagi ng Tadeco, ay kasalukuyang kongresman. Siya rin ang nagbigay ng pinakamalaking pondo sa kampanya ni Duterte sa eleksyong presidensyal na umabot sa P100 milyon. Kongresman din ang pamangkin nitong si Antonio Floirendo-Lagdameo, dating bise presidente ng Anflocor, at umuupo sa Committee on Agrarian Reform sa kongreso.

Kaya't anumang kaso ang ihapag, tulad ng iligal na kontrata sa BuCor, hindi natitinag ang pamilyang Floirendo sa tatag ng kanilang poder. Napaulat na sa taunang kinikita ng BuCor na P26,541,809 mula sa kontrata sa Tadeco, nalulugi ang gubyerno ng P106,167,191. Iligal din ito dahil ang lupa ay "unclassified public forest" na hindi pwedeng ipagamit sa pribadong indibidwal. Sa loob ng mahigit apat na dekadang iligal na pagpapayaman, nagbulag-bulagan ang sunud-sunod na mga rehimen na nakipagmabutihan sa kanila. AB

# Milyun-milyon, mapalalayas ng Metro Manila Flood Control Project

INIANUNSYO NOONG Setyembre 28 ng World Bank at Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) ang pagpapautang nang tig-$207.63 milyon (o P10.56 bilyon) para pondohan ang kalakhan ng P25.45 bilyong Metro Manila Flood Management Project ng rehimeng Duterte. Magsisimula ang mga konstruksyon sa taong 2018 at magtatagal hanggang 2024.

Tulad ng ibang proyekto sa ilalim ng programang "Build, Build, Build" ng rehimeng Duterte, hindi bago sa rehimen ang engrandeng planong ito. Noon pang 2009, bahagi na ito ng Flood Management Masterplan na sinimulan ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ng rehimeng Arroyo, matapos sumalanta ang bagyong Ondoy at Pepeng sa bansa sa sa parehong taon.

Kabilang sa mga plano ng nasabing proyekto ang pagtatayo ng hindi bababa sa 20 bagong kanal at iba pang imprastruktura sa lahat ng bayan at syudad sa Kamaynilaan. Tiyak na kaakibat ng naturang proyekto ang malawakang demolisyon ng mga maralitang komunidad, laluna ang nasa tabi ng mga ilog at estero.

Sa tabing ng pag-iwas sa kalamidad at sakit o Oplan Likas, nagawa na ng nakaraang mga rehimen na mapalayas ang 104,000 pamilya mula sa Pasig, Tullahan River, San Juan River, Manggahan Floodway, Maricaban Creek, Estero de Tripa de Gallina, Estero de Maypajo, at Estero de Sunog Apog. Itinaboy sila sa malalayong relokasyon tulad ng Golden Horizon sa Cavite, San Jose Del Monte Heights at Pandi Residences sa Bulacan.

Subalit dahil sa kawalan ng kabuhayan at kakayahan na magbayad sa negosyong pabahay ng gubyerno, mayorya sa mga residente ang bumabalik lamang sa dati o kalapit na mga komunidad. Batay na rin sa ulat ng World Bank, ang mga pwersahang pinalipat ay kailangang magbayad ng P1,500 kada buwan upang mabayaran ang P410,000 amortisasyon ng pabahay.

Tinatayang 800,000 pamilya ang naninirahan sa 56 na *drainage area* (paagusan ng tubig) at mga pumping station (bombahan ng tubig) ng DPWH na itatayo sa ilalim ng proyekto. Nakatakdang simulan sa unang taon ang konstruksyon sa erya ng Balut, Paco at Vitas sa Maynila, Tripa de Gallina sa Pasay at Labasan sa Taguig na tinatayang may mahigit 60,000 na populasyon. Bahagi rin ng *master plan* ang Laguna Lakeshore Expressway Dike Project (LLEDP), proyektong reklamasyon sa lawa ng Laguna na wawasak sa kabuhayan ng 3.9 milyong mangingisda at maralita.

Para mabayaran ang papalaking dayuhang utang, bubuksan ang bansa sa higit pang liberalisasyon, kabilang ang pagtatayo at pagpapatakbo sa mga susing imprastruktura nito. Sa ilalim ng rehimeng Duterte, malawak na dislokasyon, papataas na buwis at mga bayarin at pagkawasak ng kabuhayan ang hinaharap ng mamamayan. Kung gayon, malinaw na walang makabuluhang pagbabago sa pang-ekonomyang programa ni Duterte. Wala rin itong intensyong tugunan ang pangunahin suliranin ng mamamayan.

Marapat lamang na singilin ang kanyang rehimen sa kanyang mga bigong pangako at patuloy na isulong ang demokratikong interes ng mamamayan. AB

# Mga sibilyang komunidad sa Batangas, binomba ng AFP

Wala mang batas militar sa buong bansa, walang-habas na ipinapatupad ng rehimeng Duterte ang mababagsik na operasyong militar laban sa mamamayan sa iba't ibang panig ng bansa. Patuloy ang pambobomba mula sa himpapawid, panganganyon, istraping, pamamaslang, iligal na pang-aaresto at pagdedetine at maging panununog ng bahay ng mga sibilyan sa ilalim ng Oplan Kapayapaan.

**Batangas.** Walang habas na pamamaril, istraping at paghuhulog ng bomba ang isinagawa ng 730th Combat Group ng Philippine Air Force at ng 202nd IBde sa mga komunidad sa paligid ng Mt. Banoy noong Setyembre 24. Ito ay matapos makasagupa ng mga elemento ng AFP ang isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan-Batangas (Eduardo Dagli Command) sa Barangay Cumba, Batangas City sa parehong araw. Dalawang sibilyan, kabilang ang isang bata, ang naiulat na nasawi sa mga operasyon ng AFP. Umaabot sa 400 pamilya ang napilitang lumikas mula sa mga barangay ng Cumba at Talahib Pandayan para umiwas sa pambobomba. Dahil sa tindi nito, kinansela ang mga klase sa 15 eskwelahan sa kalapit na mga barangay ng Payapa, Talumpok Silangan at Kanluran, Conde at Sto. Domingo, lahat sa Batangas City.

Agad na sumaklolo ang mga nagtataguyod ng karapatang-tao pero hinarang sila sa mga tsekpoynt ng AFP at RPSB noong Setyembre 26. Hindi rin pinapasok sa Barangay Banalo ang mga grupong pinangunahan ng Pilgrims for Peace na maghahatid sana ng *relief* at magsasagawa ng pagsisiyasat sa kalagayan ng mga bakwit noong Setyembre 30. Kasama ang lokal na gubyerno sa mga humarang sa grupo.

Ang mga barangay ng Sto. Domingo, Cumba, Conde Itaas, Sico, Pinamucan, Simlong, Talahib Pandayan, Talumpok Silangan, Banalo, Lobo, Mabilog na Bundok, ay bahagi ng 29,000 ektaryang lupaing saklaw ng Mt. Banoy at Mt. Nagueling Complex na planong minahin ng mga kumpanyang Mindoro Resources Limited (o MRL Gold) at Egerton Gold ng Canada na may kaugnayan sa Red Mountain Mining ng Australia.

Samantala, nitong Oktubre 6 sa Calatagan, tinamnan ng ebidensya bago iligal na inaresto ng PNP ang apat na myembro ng Samahan ng Maliliit na Mangingisda at Magsasaka sa Baha at Talibayog na aktibo sa paglaban sa pang-aagaw ng lupa ng Asturias Chemical Industries ni Ramon Ang.

Kinilala ang apat na sina Noel Delos Reyes, kapitan ng Barangay Talibayog, at mga lider-masa ng barangay na sina Eduardo Peñafloreda, Senando Marco at Joseph Marasigan.

**Quezon.** Sinunog ng mga sundalo ng 85th IB ang bahay ng magsasakang si Bryan Panoso at binaril pa ang kanyang kabayo sa Sityo Katmon, Barangay Ilayang Ilog A, Lopez, noong Oktubre 2. Iligal ring inaresto ang ina at kapatid na babae ni Panaso. Ang pandarahas sa pamilya ay isinagawa ng mga sundalo matapos magtamo ng pinsala sa labanan sa isang yunit ng BHB.

**Masbate.** Arbitraryong inaresto noong Setyembre 27 ng mga pinagsanib na pwersa ng 2nd IB, 96th MICO at RIU 5 ang mga sibilyang sina Dagul Lalaguna, mag-asawang Locloc at Baby Merdegia, Boboy Dela Cruz, Opaw Balayan at Romy Pautan at ang dalawa nitong anak na lalaki, na mga residente ng Sityo Pili ng Barangay San Jose, Uson at Barangay Sawmill, Mobo. Sa katabing baryo naman ng Madao, Uson, dinampot si Ompoy Escovilla at kasama nito na pinagsasampal ng mga sundalo. Iligal ding hinalughog ang kanilang mga bahay. Sinira ang bahay, nilimas at ninakaw pati ang mga kagamitan ng mag-asawang Merdegia kasama na ang P50,000 naipon ng mag-asawa.

**Nueva Vizcaya.** Tuluy-tuloy ang operasyong militar at pambobomba ng 84th IB ng AFP sa Kasibu na nagresulta sa pagbakwit ng 133 pamilya mula sa mga barangay ng Kakiduguen, Dine, at Biyoy noong Setyembre 16. Kasunod nito, sina Vicente Ollagon, Joshua Hiquiana, Ferdinand Pakiwon, Marilyn Lango at menor-de-edad na si Jogiemar Wayas ay pinaratangang mga kasapi ng BHB at iligal na inaresto noong Setyembre 29 ng PNP at AFP sa Barangay Mabuslo, Bambang. Pawang mga kasapi sila ng Kasibu Inter-Tribal Response for Ecological Development at Samahang Pangkarapatan ng Katutubong Magsasaka at Manggagawa, Inc. Bahagi ang mga organisasyong ito sa barikada ng mamamayan laban sa pagmimina ng Australyanong kumpanyang Royalco at OceanaGold.

**North Cotabato.** Hindi pa rin tumitigil sa pambobomba ang mga militar sa komunidad at eskwelahan ng mga Lumad. Noong Setyembre 20, isinagawa ang paghuhulog ng bomba malapit sa Fr. Pops Tentorio Memorial School sa bayan ng Magpet.

**Leyte**. Namatay ang magsasakang si Jason Montalla noong Setyembre 28, dalawang linggo matapos siyang barilin ng tauhan ng 78th IB noong Setyembre 5. Siya ay kasapi ng organisasyon ng maliit na magsasaka, Mag-uuma nga Nagkahiusa (MANA), sa Albuera.

**Davao Region**. Pinatay ng mga ahente ng AFP ang tagapangulo ng Maragusan Workers Association na si Rene Magayano sa palengke ng Maragusan noong Setyembre 28. Noong Setyembre 26 naman ay pinatay ni Dexter Sallian, tauhan ng 67th IB sa Cateel, Davao Oriental si Toto Lompaodan, kasapi ng Alyansa sa Mag-uuma sa Sidlakang Dabaw (Almasid). Aabot na sa 50 ang mga magsasakang pinatay sa rehiyon ng Davao sa ilalim ng rehimeng Duterte. AB

## Pagkilos ng mga guro at manggagawa, tuluy-tuloy

NAGMARTSA TUNGONG MENDIOLA noong Oktubre 5 ang mga guro sa pangunguna ng Alliance of Concerned Teachers upang ipanawagan ang pagtaas ng buwanang sahod tungong P25,000 para sa Teacher 1 at P16,000 naman para sa Salary Grade 1. Giit din nila ang pambansang minimum na arawang sahod na P750 at pagbasura sa kontraktwalisasyon. Itinaon nila ang kanilang pagkilos sa pagdiriwang ng World Teachers' Day.

Tuluy-tuloy naman ang pagkilos ng mga manggagawa para sa mga karapatan at laban sa paniniil ng rehimeng US-Duterte. Sa Cebu, naglunsad ng protesta noong Oktubre 6 ang mga myembro ng BIEN at KMU sa upisina ng DOLE 7 para ipanawagan ang pagbasura sa panukalang Compressed Work Week Scheme.

Sa Samar, nagpiket noong Setyembre 24 sa National Labor Relations Commission sa Tacloban City ang 24 na manggagawa ng Eastern Samar Electric Cooperative (ESAMELCO) na tinanggal sa trabaho noong 2016. Nanawagan silang ibalik sa trabaho at gawing regular dahil matagal na silang nagtatrabaho sa kumpanya.

Nobyembre ng nakaraang taon, 99 na manggagawa ang tinanggal ng ESAMELCO sa kabila ng mahigit 10 taon nilang pagtrabaho sa kumpanya. Ang ESAMELCO ay nasa ilalim ng National Electrification Administration (NEA) at monopolyo nito ang pagsuplay ng kuryente sa buong Eastern Samar.

Sa Caraga, mahigit 35 araw na ang welga ng mga manggagawa ng Surigao Dockworkers Labor Union (SDLU) sa Port Area, Surigao City. Ang mga manggagawa ay ine-empleyo ng Prudential Custom Brokerage Stevedory Inc. Inilunsad ng mga manggagawa ang kanilang welga matapos mag-*deadlock* (o mauwi sa walang napagkaisahan) ang negosasyon. Sinampahan ng gawa-gawang mga kaso ang mga manggagawa. Bulag at bingi ang kapitalista ng PSBS sa karaingan ng mga manggagawa, ngunit matatag naman na naninindigan ang mga manggagawa sa kanilang karapatang pinaglalaban.

Samantala, sa Timog Katagalugan, marahas na binuwag ang welga ng Manila Cordage Company/Manila Synthetic Industry (MCC/MSI) sa Laguna ng pinagsanib na 100 pulis, 100 gwardya ng kumpanya at mga bayarang goons noong Setyembre 22. Ang mga pulis ay armado ng M16, kalibre .45 at nakasuot ng unipormeng pandigma na mistulang sasabak sa digmaan, habang ang mga manggagawa ay matatag na tumindig sa kanilang lehitimong karapatan.

Sa pangunguna ni Roberto Fernandez, marahas na binuwag ang piket ng mga manggagawa, winasak ang mga plakard at istrimer at mga pansamantalang higaan na ipinangharang sa tarangkahan ng pabrika. Hindi pinapasok sa gate ng Industrial Park ang mga manggagawa na planong sumuporta sa mga kapwa nila manggagawang nasa barikada. AB

## Tumitinding atake sa mga kabataan-estudyante

NOONG SETYEMBRE, sunud-sunod ang mga atake sa mga demokratikong karapatan ng mga kabataan-estudyante.

Sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa kampus nito sa Sta. Mesa, Maynila, unang tinanggal sa pwesto ang kinatawan ng mga mag-aaral sa Board of Regents at nagtalaga ng bagong *regent* na pinili ng administrasyon. Sinundan ito ng pagpapasara sa upisina at tambayan ng mga organisasyon, gayundin ang publikasyong pangkampus na *The Catalyst* noong Setyembre 27. Kasabay nito, isinuspinde ng administrasyon ang eleksyon ng konseho ng mga mag-aaral. Para ipatupad ang mga hakbang na ito, dinahas ang mga estudyanteng nagtatanggol rito at pinagbantaan ang mga organisasyong progresibo sa unibersidad.

Layunin ng sunud-sunod na mga atakeng ito na lubusang patahimikin ang mga estudyante at alisin ang mga hadlang sa plano ng administrasyon ng komersyalisasyon ng PUP. Kabilang dito ang ilang taon nang planong itaas ang matrikula at mga bayarin, ipatupad ang planong uniporme at iba pang mga dagdag na mapagkakitaan. Tuluy-tuloy ang protesta ng mga estudyante ng pamantasan para labanan ang mala-batas militar na hakbang ng administrasyon.

Sa University of the Philippines-Diliman, ipinatupad ng administrasyon ng College of Mass Communications ang patakarang nagbabawal sa mga bagong estudyante na sumali sa mga organisasyon sa loob ng kolehiyo. Tinanggal rin ang tambayan ang mga organisasyon at ang upisina ng konseho ng mag-aaral at ng *Tinig ng Plaridel*, ang publikasyon sa kolehiyo. Habang inaatake ang karapatan ng mga estudyante, pinayagan naman ng administrasyon ng kolehiyo ang pagpasok ng mga upisyal ng pulis para raw sa ilulunsad na 'communication skills workshop'.

Sa Lyceum of the Philippines University, tinanggal ng administrasyon ang kasalukuyang lupon ng mga editor ng *The Sentinel*, ang upisyal na pahayagan ng mga estudyante ng pamantasan, at tinanggal ang pondo nito.

Sa Bicol, nadiskubre noong Setyembre 25 na nilagay ng AFP sa kanilang 'watch-list' ang mga publikasyong pangkampus ng Camarines Sur Polytechnic College-Nabua *(The Spark)*, Ateneo de Naga University *(The Pillars)*, Mariners Polytechnic College Foundation *(Seafarer's Gazette)* at Central Bicol State University of Agriculture *(The Stateans)*. AB